# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-2 ng Pebrero, 2024

**Ang mga Balota ay Ipapadala sa mga Rehistradong Botante para sa Presidensyal na Primaryang Eleksyon sa Marso**

Mahigit 1.9 milyong balota ang paparating na sa mga rehistradong botante ng County para sa Presidensyal na Primaryang Eleksyon sa Marso. Dapat matanggap ng mga botante ang kanilang mga balota sa linggo ng Lunes, Ika-5 ng Pebrero. Ang opisyal na pakete ng balota ay magsasama rin ng "Bumoto Ako" na sticker.

Ang maagang pagboto ay magsisimula sa Lunes, Ika-5 ng Pebrero sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Kearny Mesa. Ang mga oras ng operasyon ay mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon mula Lunes hanggang Biyernes. Subalit, ang opisina ng Tagapagrehistro ay magsasara sa Lunes, Ika-19 ng Pebrero bilang paggunita sa Araw ng Presidente (President's Day).

Hinihikayat ng Tagapagrehistro ang mga botante na sulitin ang kaginhawaan ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Maaari kayong bumoto mula sa inyong tahanan at ibalik ang inyong binotohang balota sa pamamagitan ng koreo – hindi kinakailangan ng selyo – o sa alinmang mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro simula Martes, Ika-6 ng Pebrero hanggang sa huling araw ng pagboto sa Martes, Ika-5 ng Marso.

Tandaan na pirmahan at petsahan ang inyong sobreng pagbabalikan ng balota. Kailangan ninyong pirmahan ang sobreng pagbabalikan ng balota upang ang inyong boto ay mabilang.

Ang mga botanteng magbabalik ng kanilang balota sa pamamagitan ng U.S. Postal Service ay maaaring i-track ito sa pamamagitan ng pag-sign up para sa "Nasaan ang Aking Balota?".

Ang mga botanteng mas gustong bumoto nang personal ay magkakaroon ng mas maraming opsyon na gawin ito kapag ang 39 na mga vote center ay bukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon simula Sabado, Ika-24 ng Pebrero.

Sa Sabado, Ika-2 ng Marso, magbubukas ang karagdagang 179 na vote center para sa kabuuang bilang na 218. Ang mga lokasyon ay magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon hanggang sa Ika-4 ng Marso. Sa huling araw ng botohan, Ika-5 ng Marso, lahat ng mga vote center at mga opisyal na ballot drop box ay magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-2 ng Pebrero, 2024

Iwasan ang mahahabang pila sa pamamagitan ng paggamit ng mabuting benepisyo sa maagang pagboto. Mayroon kayong opsyon na botohan ang inyong balota sa alinmang vote center sa buong county.

Makakahanap kayo ng lokasyon ng opisyal na ballot drop box o vote center na malapit sa inyo sa loob ng inyong pamplet ng impormasyon ng botante, o maaari ninyo itong tingnan online sa sdvote.com.

Kung plano ninyong bumoto para sa presidente, Hinihikayat ng Tagapagrehistro ang mga botante na suriin ang mga patakaran ng bawat pulitikal na partido.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa presidensyal na primarya sa Marso sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101